

Senso 101

Bawat 10 taon, ang gobyerno ng U.S. ay nagbibilang ng *bawat* tao na nakatira sa U.S., sa pamamagitan ng senso. Ang senso ay isang maikling talatanungan na nagtatanong ng pangunahing impormasyon tungkol sa iyong sambahayan at mga tao na nakatira doon. Ang iyong personal na mga kasagutan ay kumpidensyal.

Ang susunod na senso ay mag-uumpisa sa **Marso ng 2020**. Siguraduhin na ikaw ay nabilang upang makakuha ng **pantay** na pamamahagi sa mga pinagkukunan at pangangatawanan!

Ang kabilang sa nabilang sa sesno ay nakakatulong sa iyo at ang iyong pamilya.

- Ang data mula sa senso ay ginagamit sa paghati sa mahigit **\$800 bilyong dolyares** ng pagpopondo ng gobyerno para sa mahalagang mga serbisyo, tulad ng mga paaralan, mga silid-aklatan, food stamps, at pangangalagang pangkalusugan.
- Ang data mula sa senso ay ginagamit din upang hatiin ang politikal na pangangatawanan; mas maraming tao ang nabilang sa iyong lugar, mas maraming kinatawan ang meron ka.



Ang iyong kasagutan sa senso ay kumpidensyal.



Ang Kawanihan ng Senso ay hindi pinapayagang makibahagi sa iyong indibidwal na impormasyon sa ibang ahensiya ng gobyerno, opisyal ng imigrasyon, o ang publiko. May mga matibay na batas na magpoprojekta ng inyong impormasyon mula sa pagbabahagi! Ang mga kasagutan sa senso ay maaari lamang na gamitin para sa layuning statistikal.

Ang pagsagot sa senso ay mabilis at simple.

- **Ikaw ay maaaring sumagot nang online.** Magpapadala ang Kawanihan ng Senso ng mga tagubilin ng **kalagitnaan ng Marso 2020**. Pumunta sa opisyal na website ng senso, ipasok ang ID ng iyong sambahayan, at sagutin ang mga katanungan.
- **Ikaw ay maaaring sumagot sa telepono.** Tumawag sa Kawanihan ng Senso upang sagutin ang senso sa pamamagitan ng telepono, at magtanong tungkol sa senso.
- Kung ikaw ay hindi sumagot sa senso nang online o sa pamamagitan ng telepono, ang Kawanihan ng Senso ay magpapadala sa iyo ng **de papel na kwestionaryo**.

Kung ikaw ay hindi sumagot, simula Mayo ng 2020, ang empleyado ng senso ay maaaring pumunta sa iyong tahanan upang tanungin ang impormasyon nang personal. Ikaw ay maaaring pa ring sumagot nang online o sumagot sa pamamagitan ng telepono mula Hunyo 2020.

Ang tulong sa lengguahe ay magagamit para sa ilang mga lengguahe.

Ang online na talatanungan at tulong sa telepono ay mapapakinabangan sa Espanyol, Vietnamese, Korean, Russian, Arabiko, Tagalog, Polish, Pranses, Haitian Creole, Portugese, at Niponggo. Ang kawanihan ng Senso ay gumagawa ng glosaryo ng lengguahe, kard ng identipikasyon ng lengguahe, at mga gabay sa 59 na lengguahe na hindi Ingles na mailalagay sa www.2020census.gov.



Ikaw ay maaaring makahanap ng iba pang impormasyon tungkol sa senso sa www.countusin2020.org/resources.